-8-

"HUWAG KANG MAGNANAKAW."

Exo 20:15

-9-

"HUWAG KANG MAGBIBINTANG SA IYONG KAPUWA."

Exo 20:16

-10-

"HUWAG MONG IIMBUTIN ANG BAHAY NG IYONG KAPUWA, HUWAG MONG IIMBUTIN ANG ASAWA NG IYONG KAPUWA, NI ANG KANIYANG ALIPING LALAKE O BABAE, NI ANG KANIYANG BAKA, NI ANG KANIYANG ASNO, NI ANOMANG BAGAY NG IYONG KAPUWA."

Exo 20:17

"Sapagka't ang sinomang gumaganap ng buong kautusan, at gayon ma'y natitisod sa isa, ay nagiging makasalanan sa lahat."

Sant. 2:10

Maarring sabihin natin na sinusunod natin ang lahat ng ito, subalit kung ang isa sa mga ito ay nalalabag natin, tayo ay natitisod na sa lahat. Hindi tinatanggap ng Diyos ang hindi lubusang pagsunod. Nais Niya na kung tayo ay susunod, gagawin natin ng buo kung ano ang sinabi Niya. Hindi ang pagsunod sa kautusan ang magdadala sa atin sa kaligtasan, tanging ang pananampalataya lamang sa ating Panginoong Jesus. Subalit "ang pananampalataya na walang mga gawa, ay patay..." *Sant. 2:17* Ipinapakita natin ang ating pananampalataya at pag-ibig sa Kaniya pamamagitan ng pagsunod sa kalooban Niya. Sinabi ni David, "Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban, Oh Dios ko; Oo, ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso." *Awit. 40:8*

"Ito ang wakas ng bagay; lahat ay narinig: ikaw ay matakot sa Dios, at sundin mo ang kaniyang mga utos; sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao. Sapagka't dadalhin ng Dios ang bawa't gawa sa kahatulan, pati ng bawa't kubling bagay, maging ito'y mabuti o maging ito'y masama."

Eccl. 12: 13-4

Kaibigan, ang buong katungkulan nating mga tao ay ang matakot at sumunod sa Diyos. At Siya ay nagtakda ng araw kung saan tayong lahat ay huhukuman, at ang tanging magiging basehan ay ang kautusan. *Sant. 2: 12* Masumpungan kaya Niya ang ating pangalan sa Aklat ng Buhay? Masumpungan kaya Niya na tayo ay nagtatapat at sumusunod sa Kaniya? Maging karapat-dapat kaya tayo na tumanggap ng buhay na walang hanggan kasama Niya?

"Narito, ako'y madaling pumaparito; at ang aking ganting-pala ay nasa akin, upang bigyan ng kagantihan ang bawa't isa ayon sa kaniyang gawa." Apoc. 22:12

Para sa karagdagang impormasyon, libreng mga babasahin, o sa isang personal na pag-aaral ng Biblia, makipag-ugnayan lang sa mga sumusunod:

websites: www.sdrasia.org
www.remnantofGod.org
www.lightministries.com

Cellphone #: 0928 – 291 - 9110

Ang Original at Hindi Mababagong Kautusan ng Diyos



"Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin. Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay. Kaya't ang sinomang sumuway sa isa sa kaliitliitang mga utos na ito, at ituro ang gayon sa mga tao, ay tatawaging kaliitliitan sa kaharian ng langit: datapuwa't ang sinomang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit."

Mat 5:17 -19

Kasalungat sa mga kilalang katuruan ngayon na ang kautusan ay hindi na umiiral pa at ipinako na sa krus, pinatotohanan ng ating Panginoong Jesus na ang Kanyang kautusan ay mananatili hanggang mayroon pang langit at lupa at hindi Siya naparito sa sanlibutang ito upang ito ay sirain bagkus upang ito ay ganapin. Sa Kanyang buhay ipinakita Niya sa atin na posible ang sumunod sa Kanya ng sakdal at Siya ang ating tanging halimbawa. Ito ay hindi Niya babaguhin kailanman sapagkat sinasabi sa atin na "Ang tipan ko'y hindi ko sisirain, ni akin mang babaguhin ang bagay na lumabas sa aking mga labi." *Awit 89: 34* at "...Sapagka't ako, ang Panginoon, ay hindi nababago..." *Mal. 3:6*

Sapagkat tayo ay nasa mga huling araw na, ang kaaway ng Diyos, ang Diablo, ay gumagawa ng paraan upang ang kautusan ng Diyos ay hindi masunod at hindi maipakilala sa mga tao. At lubos niyang pinagsisikapan na tayo ay mananatili sa kasalanan, ang kasalanan nga ay, "ang pagsalangsang sa kautusan" *I Jn. 3:4* At dahil din sa kasalanan, tayong lahat ay napahiwalay sa Diyos. *Isa. 59:2* Nais ng kaaway na tayong lahat ay manatiling nakahiwalay sa Diyos at hindi na muling mapasauli pa sa Kanya. Subalit mabuti ang Diyos na dahil sa pag-ibig Niya sa atin, ipinadala Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang kung ang sinuman na sa Kanya ay sumampalataya ay hindi mapahamak bagkus ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. *Jn. 3:16*

"Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos." Jn. 14:15

Ang pag-ibig natin sa Diyos ay dapat makita sa pagsunod natin sa Kanya, hindi dahil sa gantimpala na naghihintay kung tayo ay magiging masunurin, o sa kapahamakan kung tayo ay lalabag. Ang pag-sunod sa Diyos ay dahil sa pag-ibig lamang.

Ngayon, paano tayo susunod sa kautusan ng Diyos kung ang tinanggap nating aral ay salungat sa mga salita Niya? Dahil dito, ito ang layunin ng babasahing ito na muling ipamahagi ang tunay at original na Kautusan ng Diyos, ang Kautusang mananatili kailanman at hindi maaaring baguhin ng sinoman.

Kaibigan, idinadalangin ko na ang Banal na Espiritu ang mangusap at kumilos sa iyo. Buksan mo nawa ang iyong puso at isip sa pagtanggap ng mga salitang ito.

"Sapagka't ito ang pagibig sa Dios, na ating tuparin ang kaniyang mga utos: at ang kaniyang mga utos ay hindi mabibigat." 1Jn 5:3

Ang Original na 10 Utos ng Diyos

-1-

"Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko."
Exo 20:3

-2-

"Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anomang anyong nasa itaas sa langit, o ng nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa: Huwag mong yuyukuran sila, o paglingkuran man sila; sapagka't akong Panginoon mong Dios, ay Dios na mapanibughuin, na aking dinadalaw ang katampalasanan ng mga magulang sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salin ng lahi ng mga napopoot sa akin; At pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang libolibong umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos."
Exo 20:4-5

-3-

"Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng kaniyang pangalan sa walang kabuluhan."
Exo 20:7

-4-

"Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin. Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain. Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong tagaibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan: Sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng sabbath, at pinakabanal."
Exo 20:8-11

-5-

"Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina: upang ang iyong mga araw ay tumagal sa ibabaw ng lupa na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios."
Exo 20:12

-6-

"Huwag kang papatay."
Exo 20:13

-7-

"Huwag kang mangangalunya."
Exo 20:14